
1

# MTB - MLE

## Ikalawang Markahan - Modyul 7: Paglalarawan sa Kuwentong Nabasa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Paglalarawan sa Kwentong Nabasa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marites T. Rumbaoa

**Editor:** Elisa M. Muyalde, Mark-Jhon R. Prestoza, Jun-Jun R. Ramos, Richelle S. Uy

**Tagasuri:** Dexter P. Agonoy, Bengielyn R. Gaya

**Tagalapat:** Paolo Jericho T. Baquiran, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Christina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region 02**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# MTB - MLE

## Ikalawang Markahan - Module 7:
## Paglalarawan sa Kuwentong Nabasa

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa Unang Baitang. Dito, ilalarawan mo ang mga pangyayari sa kuwentong iyong nabasa.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang;

- mailarawan ang mga pangyayari sa nabasang kuwento, at
- mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.

## *Subukin*

### Gawain 1

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

**Si Eba**

Si Eba ay nasa sapa. Kukuha siya ng tulya. Maya-maya napuno na ang dala niyang batya. Umuwi siyang tuwang-tuwa. Iluluto na niya ang tulya. "Mabubusog tayo nito ina," wika ni Eba. Silang magkakapamilya ay masayang-masaya.

_____1. Bakit nasa sapa si Eba?

a. kukuha ng kalabasa
b. kukuha ng palaka
c. kukuha ng tulya

_____2. Ano ang ginawa ng ina ni Eba sa tulya?

a. inihain b. iniluto c. inilaga

_____3. Ano ang sumunod na nangyari matapos mapuno ang batya?

a. Umuwi na si Eba.
b. Natuwa ang ina ni Eba.
c. Iluluto na niya ang tulya.

# Aralin 1 — Paglalarawan sa Kuwentong Nabasa


Ang aralin na ito ay naglalaman ng mga maikling kuwento na nagtataglay ng mga aral upang matuto. Dagdag pa rito ang mga pagsasanay na lilinang sa mga kakayahan at kasanayan ng bawat mag-aaral gamit ang iba't ibang pagdulog.




## *Balikan*

Sino kaya ang madalas na nakikita sa mga larawan ng lugar sa hanay A? Itambal ang mga larawan na nasa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

**Hanay B**

1. 

2. 


**Hanay A**

a. 

b. 


3. 


c. 

4. 


d. 

5 


e. 

## *Tuklasin*

Tingnan ang larawan sa ibaba.
Saan kaya sila pupunta?
Ano kaya ang gagawin nila doon?
Iguhit mo ang lugar na sa tingin mo ay pupuntahan nila.



Basahin natin ang maikling kuwento.

**Tayo na!**

Araw ng Linggo, kami ay sama-samang magkakapamilya. "Tayo na't magsimba," wika ni ama't ina. Pagkatapos ang misa, naglaro kami sa parke at kumain sa restoran. Ang buong mag-anak ay umuwi nang masaya.

## *Suriin*

Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwentong binasa. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Anong araw naganap ang kuwento?

   ______________________________

2. Saan nagtungo ang mag-anak?

   ______________________________

3. Bakit kaya sila nagtungo roon?

   ______________________________

## Pagyamanin

A. Pag-aralan ang mga larawan, lagyan ng tsek✓( ) ang larawang nagpapakita ng pangyayari sa kwento at ekis (**X**) kung hindi nangyari. Isulat ang sagot sa kuwaderno.



1.______




2.________



3. _____



4. ________



5. ________

B. Buuin ang kuwento sa pamamagitan ng pagguhit ng larawan sa susunod na pangyayari sa kwento. Iguhit ito sa kuwaderno.

1



2

3



4

# *Isaisip*

Sa paglalarawan ng mga pangyayari sa kuwentong binasa dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Tandaan kung sino o ano ang pinag-uusapan sa kuwento.
- Tandaan ang wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento

# *Isagawa*

Kung ikaw ang nasa larawan, ano ang susunod mong gagawin? Isulat sa iyong kuwaderno ang letra ng iyong sagot.

A B

1. 

A 

B 

2. 

A 

B 

3. 


A 


B 

4. 

A 


B 


## *Tayahin*

Basahin ang kuwento at pagkatapos ay isagawa ang gawain sa ibaba nito. Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat ito sa kuwaderno.

**Nagsisi si Sisang Sisiw**

Isang umaga si inahing manok at ang kanyang mga sisiw ay masaya at sama-sama sa paghahanap ng pagkain. Sinabihan ni inahing manok ang kanyang mga sisiw na huwag lalapit sa sapa. Hindi nakinig si Sisa. Lumapit pa rin siya sa sapa. Isang sawa ang nakatira sa sapa. Muntik na siyang kainin ng sawa. Mabuti na lang at nakatakbo siya pabalik sa kaniyang mga kapatid at ina. "Di na po uulit, patawad po, Ina!" Labis na pagsisi ni Sisang sisiw.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?




Si inahing manok at ang mga sisiw.




Ang pato at ang mga bibe.

2. Ano ang ginawa ni Sisang sisiw?



Siya ay sumama sa mga pato.



Siya ay lumapit sa sapa.

3. Ano ang ginawa niya nang muntik na siyang kainin ng sawa?



Siya ay nakatulala.



Siya ay tumakbo.

## *Karagdagang Gawain*

Nasubukan mo na rin bang pumunta sa mga mahahalagang lugar sa pamayanan? Gumuhit ng kahon sa iyong kuwaderno saka iguhit sa loob ng kahon ang napuntahan mo nang mahalagang lugar sa inyong pamayanan. Sa ibaba ng kahon ay sumulat ng maikling paglalarawan tungkol dito.

# Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. c
2. b
3. a

Balikan
1. c
2. a
3. b
4. e
5. d

Pagyamanin
A.
1. /
2. X
3. /
4. X
5. /

B.
1. larawan na naglalaro sa park
2. larawan na pauwi ng bahay

Isagawa
1. b
2. b
3. a
4. b

Tayahin
A.
1. Si inahing manok at ang mga sisiw.
2. Siya ay lumapit sa sapa.
3. Siya ay tumakbo.

## *Sanggunian*

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, ph. 196-205

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide

**Websites**

https://www.google.com/search?q=dep+ed+logo&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=Ve8w0n

https://www.google.com/search?q=nagsisimba%20clipart%20black%20and%20white&tbm=

https://www.google.com/search?q=house+clipart+black+and+white&tbm

https://www.google.com/search?q=duck+and+duckling+clipart+black+and+white&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwjovdHrmNHpAhXJLqYKHXL6A14Q_AUoAXoECAwQAw&biw=1536&bih=754#imgrc=PpCuH21tZ_GbEM

https://www.google.com/search?q=bird+clipart+black+and+white&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwj6zZvPmtHpAhUQvZQKHcrXCQUQ_AUoAXoECBIQAw&biw=1536&bih=754#imgrc=Q31jzBybWe9kxM&imgdii=Z-RXtBcsKv4MgM

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph